Republic of the Philippines
Department of Education
Region V
SCHOOLS DIVISION OF SORSOGON
Sorsogon

Hulyo 24, 2019

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 144, s. 2019

PANSANGAY NA PATIMPALAK SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2019

SA MGA: Kawaksing Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punong Tagamasid Pang-edukasyon (SGOD at CID)
Mga Tagamasid Pansangay
Mga Tagamasid Pandistrito
Mga Pinuno ng Paaralan
Guro sa Filipino

1. Isasagawa ng Departamento ng Edukasyon - Sangay ng Sorsogon ang PANSANGAY NA PATIMPALAK SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKA sa pakikiisa sa taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa ngayong buwan ng Agosto alinsunod sa itinakdang Pampangulong Proklamasyon Bilang 1041, s. 1997. Gaganapin ito sa ganap na ika-8:00 ng umaga sa Agosto 23, 2019 sa Cumadcad Central School, Castilla, Sorsogon.

2. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay ***"Wikang Katutubo: Tungo sa Isang Bansang Filipino"*** na naglalayong ilaan ang Buwan ng Wika sa Agosto bilang lunsaran ng pagpupunyagi para sa mga katutubong wika sa bansa. Layunin ng pagdiriwang na:

    a. Maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Filipino ukol sa halagang multilingguwalismo sa paglikha ng isang bansang Filipino na may pagkakaunawaan;
    b. Mahikayat ang mga mamamayang Filipino, lalo ang mga may-ari ng katutubong wika, na makilahok sa mga gawaing pangwika ng KWF.
    c. Mahikayat ang mga mamamayang Filipino na magpatupad ng mga malikhaing programang pangwika na makatutugon sa pangangailangan ng kanilang komunidad sa pakikipagtulungan sa KWF.
    d. Mapangalagaan ng KWF ang mga karapatang pangwika ng mga mamamayan sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga patakarang magbibigay ng seguridad laban sa mga diskriminisasyong pangwika; at
    e. Maipakilala sa mga mamamayang Filipino ang KWF bilang ahensiya ng pamahalaa na nangangalaga sa mga katutubong wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nito.

3. Ang mga nabanggit na tema at sumusunod na mga lingguhang layunin ang magsisilbing batayan ng mga gawaing bubuuin at isasagawa sa buong buwan ng pagdiriwang sa mga paaralan.

PETSA	TEMA
Agosto 5 – 9, 2019	Ako at ang Katutubong Wika Ko
Agosto 12 – 16, 2019	Pagbasa at Paglaya: Pagpapalusog ng mga Katutubong Panitikan at

	Kaalamang Bayan
Agosto 19 – 23, 2019	Sarikultura: Multilingguwalismo at Pag-uugnayan Para sa Isang Bansang Filipino
Agosto 26 – 30, 2019	Pangangalaga sa mga KAtutubong Wika, Pangangalaga sa Bansa

4. Kalakip nito ang mga panuntunan at iskedyul sa isasagawang pansangay na pagdiriwang ng Buwan ng Wika. Gayundin ang Gawain sa pakikiisa sa Panrehiyong Paglulunsad sa Pagdiriwang ng Buwan ng Wika. na gaganapin sa Agosto 5, 2019 sa lugar na ipababatid na lamang..

Kalakip Blg. 1	Gawain sa Pagdiriwang ng Buwan ng Wika
Kalakip Blg. 2	Patimpalak at Panuntunan
Kalakip Blg. 3	Talaan ng Komite ng Pansangay na Patimpalak
Kalakip Blg. 4	Talaan ng mga Kalahok sa Panrehiyong Paglulunsad sa Pagdiriwang ng Buwan ng Wika

5. Kaugnay nito, ang pagpupulong ng mga kabilang sa Komite ay isasagawa sa Division Office Conference Hall sa Agosto 14, 2019 sa ganap na ika-9:00 ng umaga.

6. Ang sinkronikong pagdiriwang ng Buwan ng Wika sa Agosto 29, 2019 ay maaaring pag-usapan at pagplanuhan ng mga kinauukulang kasangkot sa nabangit na gawain. Malaya ang lahat na gumawa ng kani-kaniyang plano sa bawat paaralan, klaster o distrito.

7. Minarapat ng opisinang ito na magsagawa ang bawat distrito at klaster ng eliminasyon sa Agosto 16, 2019. Ang nanalong unang gantimpala sa pandistrito at pangklaster na patimpalak ang siyang lalahok sa pansangay na gawain.

8. Ang pansangay na patimpalak ay dadaluhan ng tagamasid pampurok, komite ng mga gawain, tagapayo at opisyal ng Pansangay na Samahan ng mga Guro sa Filipino (PASAGUFIL), pangulo ng klaster, tagapag-ugnay pandistrito, mga gurong tagasanay at mag-aaral na kalahok sa Agosto 23, 2019 sa Cumadcad Central School, Castilla, Sorsogon.

9. Ang gantimpala, honoraryum ng lupon ng inampalan at iba pang gastusin sa patimpalak ay manggagaling sa pondo ng dibisyon. Samantalang ang pamasahe at iba pang gugulin ng mga kalahok na may kaugnayan sa pagdiriwang ay mangagaling sa pondong lokal/MOOE o iba pang pondo na sasailalim sa kinagawiang pagsusuma at pagsusuri.

10. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapabatid ng memorandum na ito.

LOIDA N. NIDEA. Ed.D., CESO V
Schools Division Superintendent

Kalakip: Gaya ng nasasaad
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

PALIGSAHAN	*PAGDIRIWANG*	*KURIKULUM*
GURO	*MAG-AARAL*	*FILIPINO*

CID/sav

Kalakip Blg. 1 sa Memorandum Pansangay Blg. ____, s. 2019

GAWAIN SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKA

AGOSTO 1- 31, 2018

PETSA		GAWAIN	Kasangkot	Lugar	Oras
AGOSTO	1	Pambungad na Palatuntunan	Mga guro sa kani-kaniyang paaralan	Mga paaralan	7:15-7:30 n.u
	5	Panrehiyong Paglulunsad	EPS Mga piling tagapag-ugnay Puno ng Departamento Piling Guro	TBA	10:00 n.u
	14	Pagpupulong ng Komite	Komite	Division Office Conference Hall Sorsogon City	9:00 n.u.
	16	Pandistrito/Pangklaster na Eliminasyon	Pandistrito/ Pangklaster na Organisasyon	Ayon sa itinalaga ng distrito/klaster	
	23	Pansangay na Patimpalak	Komite, CCS, mga kalahok	Cumadcad CS Castilla, Sorsogon	8:00 (Rehistrasyon) 8:30 (Pambungad na Palatuntunan) 9:00 Patimpalak • Makata • Hari at Reyna ng Kundiman • Rawitdawit • Iba pang Patimpalak
	29	Sinkronikong Pagdiriwang ng Buwan ng Wika	Mga tagapamahala ng Paaralan, Sangkaguruan, mga mag-aaral	Kani-kaniyang Paaralan/Distrito/Klaster	8:00 n.u Parada (kung kasabay sa plano) 9:00 n.u o ayon sa itinakda ng paaralan/distrito/klaster

Kalakip Blg. 2 sa Memorandum Pansangay Blg. ____, s. 2019

PANSANGAY NA PATIMPALAK SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKA

Deskripsyon:

Ang Pansangay na Patimpalak sa Pagdiriwang ng Buwan ng Wika ay paligsahan na naglalayong makiisa sa pagdiriwang at ilaan ang Buwan ng Wika sa Agosto bilang lunsaran ng pagpupunyagi para sa mga katutubong wika sa bansa. Sa gawaing ito, tatlo lamang ang itatanghal na mananalo sa bawat patimpalak. At ang magiging hatol ng lupon ng inampalan ay pinal at opisyal.

Inaasahan na ang mga kalahok na guro sa Hari at Reyna ng Kundiman maging sa Makata ng Taon ay nakagayak ng Kasuotang Filipino. Samantalang uniporme naman sa lahat ng mga kalahok na mag-aaral. Ang mga gurong dadalo sa pagdiriwang ay nararapat na nakagayak ng kasuotang angkop sa pagdiriwang.

Panuntunan at Pamantayan

PALIGSAHAN PARA SA MGA GURO:

A. HARI AT REYNA NG KUNDIMAN (Guro sa Elementarya)

1. Ang kalahok ay nararapat na gurong nagtuturo sa Filipino, sa elementarya sa Sangay ng Sorsogon.
2. Ang nanalong unang gantimpala lamang sa bawat distrito at klaster ang siyang lalahok sa pansangay na patimpalak.
3. Ang bawat lahok ay binubuo ng 2 kawani (babae at lalaki) at walang limit sa edad.
4. Bawat kalahok ay malayang pumili ng awiting kundiman.
5. Iminumungkahi na ang bawat kalahok ay magdadala ng kani-kanilang CD ng awitin o anumang instrumentong kakailanganin sa pag-awit.
6. Ang nagkamit ng nangungunang karangalan sa nakaraang patimpalak ay hindi na maaaring sumali.
7. Ang pamantayan ay:

Kalidad ng Tinig	40%
Tiyempo	10%
Ekspresyon	40%
Hikayat	10%
KABUUAN	100%

B. MAKATA NG SANGAY (GURO SA SEKONDARYA)

1. Ang kalahok ay nararapat na gurong nagtuturo sa Filipino sa sekondarya, sa Sangay ng Sorsogon.
2. Ang nanalong unang gantimpala lamang sa bawat distrito at klaster ang siyang lalahok sa pansangay na patimpalak.
3. Ang bawat lahok ay malayang gumawa ng piyesa ng tulang bibigkasin sa anyong SPOKEN POETRY.
4. Ang piyesa ay nararapat patungkol sa pagtuligsa sa pagkakatanggal ng asignaturang Filipino sa kolehiyo.
5. Ang napiling piyesa ng tula ay kinakailangang binubuo ng 12 saknong, 4-6 na taludturan bawat saknong, may tugma at may sukat na lalabindalawahing pantig.
6. Bibigkasin ang piyesa mula 3 hanggang 5 minuto lamang.

7. Ang kalahok ang magbibigay ng kopya ng piyesa sa komite na ibibigay sa 3 hurado.
8. Ang pamantayan ay:

Nilalaman ng Piyesa	40%
Kakayahang Pantanghalan	15%
Tinig	25%
Bigkas	15%
Hikayat	5%
KABUUAN	100%

C. PINAKAMAHUSAY NA KAGAMITANG PAMPAGTUTURO O INSTRUCTIONAL MATERIAL (GURO SA SEKONDARYA AT ELEMENTARYA)

1. Ang kalahok ay nararapat na gurong nagtuturo sa Filipino, sa elementarya man o sa sekondarya, sa Sangay ng Sorsogon.
2. Ang nanalong unang gantimpala lamang sa bawat distrito at klaster ang siyang lalahok sa pansangay na patimpalak.
3. Ang bawat lahok ay kailangang magdala ng kopya ng isinumeteng proposal at terminal report sa paggamit ng IM.
   * kailangang ito ay pirmado ng Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan.
   * Ipapakita ang inihandang IM sa lupon ng inampalan.
4. Ang maaaring ilahok na IM ay ang inihandang modyul, aklat, SIM at/o SLK.
5. Maghahanda ng 5 minutong presentasyon sa powerpoint presentation upang ipakilala ang ginawang IM. Ang paglalahad ay bubuuin lamang ng hanggang 150 salita na nakabatay sa datos na nakasaad at sa pamantayan.
   a. Ilalahad ang pamagat ng akdang ginawa
   b. Kahalagahan ng akda
   c. action plan at mga katibayan
6. Ang pamantayan ay:

Kalidad	40%
Kaangkupan	20%
Kaisahan	10%
Format	20%
Madaling gamitin	10%
Kabuuan	100%

C. PINAKAMAHUSAY NA PANANALIKSIK (GURO SA SEKONDARYA AT ELEMENTARYA)

1. Ang kalahok ay nararapat na gurong nagtuturo sa Filipino, sa elementarya man o sa sekondarya, sa Sangay ng Sorsogon.
2. Ang nanalong unang gantimpala lamang sa bawat distrito at klaster ang siyang lalahok sa pansangay na patimpalak.
3. Ang bawat lahok ay kailangang magdala ng kopya abstract ng pananaliksik, isinumeteng proposal at terminal report sa pagsasagawa ng pananaliksik.
   * kailangang ito ay pirmado ng Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan.
   * Ipapakita ang inihandang pananaliksik sa lupon ng inampalan.
4. Maghahanda ng 5 minutong presentasyon sa powerpoint upang ipakilala ang ginawang pananaliksik. Ang paglalahad ng abstrak ay bubuuin lamang hanggang 150 salita.

6. Ang pamantayan ay:

Kalidad	30%
Kaangkupan	30%
Kabisaan	30%
Format	10%
Kabuuan	100%

PALIGSAHAN PARA SA MGA MAG-AARAL:

A. PAGSULAT NG SANAYSAY (Elementarya at Sekondarya)

1. Ang kalahok ay nararapat na mag-aaral sa Baitang 6 sa elementarya at Baitang 10 sa sekondarya.
2. Ang nanalong unang gantimpala lamang sa bawat distrito at klaster ang siyang lalahok sa pansangay na patimpalak.
3. Ang paksa ay ibibigay ng tagapamuno ng patimpalak.
4. Dalawang oras ang ilalan sa pagsusulat ng mga kalahok.
5. Ang papel na gagamitin ay ilalaan ng pamunuan.
6. Ang pamantayan ay:

Orihinalidad at komunikasyon	40%
Nilalaman	40%
Mekaniks	20%
KABUUAN	100%

B. PAGGAWA NG POSTER (Elementarya at Sekondarya)

1. Ang kalahok ay nararapat na mag-aaral sa Baitang 5 sa elementarya at Baitang 8 o 9 sa sekondarya.
2. Ang nanalong unang gantimpala lamang sa bawat distrito at klaster ang siyang lalahok sa pansangay na patimpalak.
3. Ang paksa ay ibibigay ng tagapamuno ng patimpalak.
4. Ang kagamitan sa pagguhit gaya ng ¼ cardboard, pangkulay at iba pa ay dadalhin ng mga kalahok.
5. 5 kulay lamang ng pastel ang maaaring gamitin ng kalahok
6. Ang pamantayan ay nakabatay sa:

Sining ng Pagkakabuo	30%
Kaugnayan sa Paksa	20%
Pagpapakahulugan	20%
Orihinalidad	15%
Pangkalahatang Biswal	15%
KABUUAN	100%

C. PAGGAWA NG ISLOGAN (Elementarya at Sekondarya)

1. Ang kalahok ay nararapat na mag-aaral sa Baitang 4 sa elementarya at Baitang 7 sa sekondarya.
2. Ang nanalong unang gantimpala lamang sa bawat distrito at klaster ang siyang lalahok sa pansangay na patimpalak.
3. Ang paksa ay ibibigay ng tagapamuno ng patimpalak.

4. Ang kagamitan sa pagguhit gaya ng ¼ cardboard, pangkulay at iba ay dadalhin ng mga kalahok.
5. Ang pamantayan ay:

Orihinalidad at komunikasyon	40%
Nilalaman	40%
Mekaniks	20%
KABUUAN	100%

D. RAWIT DAWIT (Sekondarya)

1. Ang kalahok ay nararapat na mag-aaral sa Baitang 11 at 12 sa sekondarya.
2. Ang nanalong unang gantimpala lamang sa bawat distrito at klaster ang siyang lalahok sa pansangay na patimpalak.
3. Ang paksa ay ibibigay ng tagapamuno ng patimpalak.
4. Ang papel na gagamitin ay ilalaan ng pamunuan.
5. Wikang Filipino ang gagamiting midyum sa pagpapahayag.
6. Maglalaan ng isang oras para sa pagsulat ng bawat kalahok.
7. Lilikumin ng komite ang nabanggit na awtput at ibabalik 5 minuto bago magtanghal laan upang makapaghanda ang kalahok.
8. Madamdaming bibigkasin.ang sinulat ng kalahok.
9. Ang pamantayan ay:

Nilalaman ng Piyesa	40%
Kakayahang Pantanghalan	15%
Tinig	25%
Bigkas	15%
Hikayat	5%
KABUUAN	100%